

Seattle Fire Prevention Division

220 3rd Avenue South

Seattle, WA 98104-2608 Email: permits@seattle.gov



Kung Paano Gagamitin nang Ligtas ang mga Tent at Heater sa Panahon ng Pandemya, Kabilang ang mga Opsyon sa Libreng Permit mula sa Seattle Fire Department

Maaaring maging mapanganib ang mga tent kapag nasunog o bumagsak ang mga ito. Dahil dito, ang malalaking tent ay kinokontrol ng mga Fire and Building Code. Maaari ring magdulot ng mga panganib ang mga heater, maging ang init man nito ay mula sa propane/Liquefied Petroleum Gas (LPG), diesel, o kuryente. Ipinapakita ng dokumentong ito ang kabuuan ng mga kinakailangan ng code gayundin ang nakagrupong pagpapahintulot at gumaganang mga alituntunin sa panahon ng pandemyang COVID.

MGA TENT

Ang Seattle Fire Department (SFD) ay nagbibigay ng libreng pansamantalang tent permit (permit code 3201-CV) sa mga negosyo at organisasyong inililipat ang mga serbisyo sa labas. Karaniwang halimbawa nito ay ang mga kainan o silid-aralan sa labas. Karapat-dapat ka para sa libreng permit kung ililipat mo ang iyong negosyo o serbisyo sa labas dahil sa mga limitasyon ng pampublikong kalusugan sa panloob na paggamit.

Kailangan mo ng permit ng Seattle Fire Department (SFD) para sa paggamit ng pansamantalang tent, canopy, o air-supported na istraktura kung:

- Ang istraktura ay mas malaki sa 400 kwadrangong talampakan at may isa o higit pang dingding; O,
- Ang istraktura ay mas malaki sa 700 kwadrangong talampakan na walang dingding (mga bubong lamang na canopy).
- Mayroon kang dalawa o higit pang mga tent na may maliliit na bubong na magkakatabing nakapwesto na mas mababa sa 12 talampakan ang layo sa isa't isa at ang kanilang kabuuang lawak ay mas malaki sa 700 kwadrangong talampakan.

Kabilang sa walang-bayad na permit ang mga kondisyong dapat mong sundin kaugnay ng mga materyales at pagtatayo ng tent upang makasunod sa mga kinakailangan sa kaligtasan na nasa fire code. May bisa ang permit hanggang 90 araw. Kung gagamitin ang iyong tent nang higit sa 90 araw, matapos na matanggap ang iyong walang-bayad na pansamantalang tent permit ng SFD, maaari mong kontakin ang Seattle Department of Construction and Inspections sa 206-684-8850 para sa opsyonal na pagpapahintulot o administratibong pagsusuri upang makatanggap ng kasiguruhan sa pagsunod sa code. Opsyonal ang hakbang na ito sa sa panahon ng mga operasyong pang-emergency sa Seattle. Ang mga awning ay nangangailangan din ng mga permit mula sa SDCI at hindi ito hawak ng SFD.

Kahit pagkatapos na mawalan ng bisa ang pansamantalang permit ng SFD (90 araw), kakailanganin mo pa ring matugunan ang mga kondisyon ng fire code kung ginagamit pa rin ang iyong tent.

Kung inuupahan mo ang iyong tent mula sa kompanya ng tent, pakiabisuhan ang kompanya kung nararapat ka sa walang-bayad na permit at tingnan ang resibo upang matiyak na hindi ka nila sinisingil nang di-sinasadya para sa anumang bayad sa permit ng SFD. Pamantayan sa pagiging nararapat: inililipat mo ang ilan sa iyong negosyo o serbisyo sa labas dahil sa mga limitasyon ng pampublikong kalusugan sa panloob na paggamit. Kung dati ka nang nabigyan ng pansamantalang permit sa tent o LPG at nararapat para sa walang-bayad na permit, ibabalik namin sa iyo ang buong kabayaran, pakikontak kami sa permits@seattle.gov.

Tiyaking Maaaprubahan ng Fire Marshall Ang Iyong Tent Kung bumibili ka ng tent na mas malaki sa 400 kwadrangong talampakan, pakitiyak na natutugunan nito ang mga pamantayan ng flame retardant na nasa fire code (tingnan ang kondisyon ng permit #8 sa huling pahina). Hihilingin sa iyong tanggapin ang responsibilidad at pananagutan para sa tamang pagtatayo ng tent alinsunod sa mga pamantayan ng industriya at/o mga tagubilin ng manufacturer sa pagtatayo. Hindi dapat okupahan ang mga pansamantalang tent sa mga panahong may niyebe o pag-iipon ng yelo maliban kung

Pansamantalang Mga Permit ng SFD para sa Mga Tent at Panlabas na Heater – Impormasyon sa Pagkuha ng Permit at Mga Eksepsiyong Ibinibigay sa Panahon ng Pandemya

nakadisenyo para sa buong structural loading alinsunod sa Seattle Building Code. Dapat alisin ang maliliit na tent sa panahong may niyebe o pag-iipon ng yelo at kapag mahangin. Ang mga inupahang tent mula sa mga kilalang kompanyang nagpapaupa ng tent ay makakasunod sa mga pamantayan ng fire code at aakuin ng kompanya ng tent ang pananagutan para sa tamang pagtatayo.

Dapat Ko Bang Piliin ang Tent na Walang Dingding? Para sa mga kadahilanang pangbentilasyon, may iba't ibang kailangan ang Gobernador depende kung wala, may isa, dalawa, o higit pang dingding ang inyong tent. Maingat na suriin sa:

<https://www.governor.wa.gov/sites/default/files/COVID19%20Outdoor%20Open%20Air%20Seating%20Guidance.pdf>.

Bukod pa rito, mayroon ding epekto ang fire code sa pagpili ng tent na mayroon o walang dingding: kung walang dingding ang iyong tent, kailangan mo lang ng SFD permit kung ang iyong tent ay mas malaki sa 700 kwadrang talampakan, o kung mayroon kang magkakatabing tent na mas mababa sa 12 talampakan ang layo sa isa't isa na may kabuuang lawak na mahigit sa 700 kwadrang talampakan. Ganunpaman, kung dadagdagan mo ng dingding ang iyong tent, mangangailangan na rin ng SFD permit ang maliliit na tent. Kung ang iyong tent ay may anumang dingding, kailangan ang permit para sa mga tent na 400 kwadrang talampakan o higit pa.

Gaano Kalapit sa Isang Gusali Maaaring Itayo ang Isang Tent? Halimbawa, sa Mga Tent na Pantakip sa Hapagkainan sa Gilid ng Kalsada kadalasang hinihiling ng SFD ang pinakamababang agwat na 10 talampakan sa pagitan ng mga tent at mga gusali, pangunahin na upang bigyang daan ang mga sasakyang medikal para sa emergency. Ganunpaman, sa panahon ng emergency dulot ng COVID, magbibigay ng mga permit ang SFD na magpapahintulot sa mga tent na maitayong katabi ng mga gusali nang walang agwat o espasyo.

Anu-ano ang Buong Kundisyon ng Permit para sa isang Pansamantalang Tent? Pakitingnan ang huling pahina.

PANLABAS NA PAGPAPAINIT O PAILAW

Ang mga Heater na Pinapagana Gamit ang Propane (LPG) at Diesel ay Kailangan ng Permit at ang mga Tangke ng Gatong ay Hindi Pinapayagan sa Loob ng mga Tent. Nangangahulugan ito na ang mga "mushroom" heater ay pinapayagan sa layong 10 talampakan mula sa mga tent, ngunit ipinagbabawal sa loob ng mga tent. Ang mga heater na istilong "Salamander" na nagbubuga ng hangin sa ilalim ng tent mula sa labas ay pinapayagan at kadalasang makukuha mula sa mga kompanyang nagpapaupa ng tent. Ang fuel tank ay kailangang may layong hindi bababa sa 10 talampakan mula sa mga tent at labasan at kailangang mayroon kang mga 3A 40BC fire extinguisher.

Kung uupa ka ng LPG/propane o diesel heater mula sa kompanyang nagpapaupa ng tent, kadalasang mayroong kinakailangang permit ng SFD sa propane/diesel heater ang kompanyang iyon, at hindi mo na kakailanganin ang karagdagang permit. Dapat din silang magbigay ng mga kinakailangang fire extinguisher. Kung bumibili ka ng sarili mong mga LPG/propane o diesel heater, kakailanganin mo ang permit ng SFD.

Nagbibigay ang SFD ng mga pansamantalang heating permit ng Propane/LPG (permit code 8207-CV) at mga permit ng diesel (permit code 1102-CV) sa mga negosyo at organisasyong inililipat ang mga serbisyo sa labas dahil sa mga alituntunin ng pampublikong kalusugan na naglilimita sa panloob na paggamit. Karaniwang halimbawa nito ay ang mga kainan o silid-aralan sa labas. Kabilang sa walang-bayad na permit ang mga kondisyong dapat mong sundin kaugnay ng ligtas na pagtatayo, paglalagak, at paggamit ng propane o diesel. May bisa ang permit hanggang Oktubre 2021 o hanggang sa tapusin ng Lungsod ang mga operasyong pang-emergency ukol sa COVID, alinman ang mauna. Kung nag-a-apply ka para sa permit ng heater na walang kasamang tent, hihilingin pa rin sa iyo na magbigay ka ng sketch o diagram ng panukalang lokasyon na nagpapakita ng mga labasan, awning, at lamesa kung saan ilalagay ang heater. Kung dati ka nang nabigyan ng pansamantalang permit sa tent, propane/LPG o diesel at narapat para sa walang-bayad na permit, ibabalik namin sa iyo ang buong kabayaran, pakikontak kami sa permits@seattle.gov.

Ang Mga Electric Heater at Lighting ay pinapayagan sa labas gayundin sa loob ng mga tent at hindi nangangailangan ng hiwalay na permit mula sa SFD. Ganunpaman, may mga pag-iingat na dapat mong gawin kapag gumagamit ng mga

Pansamantalang Mga Permit ng SFD para sa Mga Tent at Panlabas na Heater – Impormasyon sa Pagkuha ng Permit at Mga Eksepsyong Ibinibigay sa Panahon ng Pandemya

extension cord. Dapat na protektado ang mga electrical cords mula sa pagkaluma at pagkasira upang maiwasan ang mga panganib ng pagkapatid. Kung gumagagamit ka ng extension cord sa iyong heater, dahil sa dami ng kuryente na ginagamit ng heater, dapat mong tiyakin na ang cord ay di-bababa sa 12 gauge (o mas mataas kung inirerekomenda ito ng manufacturer). Ang mga extension cord ay hindi dapat na nakakonekta sa isa't isa at hindi dapat dumaan sa mga tagusang butas sa mga dingding. Dapat na manatiling natatakpan ang mahalagang electrical outlet. Kabilang dito ang mga junction box, circuit breaker panel, at kahit anong uri ng outlet box.

Para sa higit pang impormasyon, pakikontak ang SFD Permits Unit sa permits@seattle.gov. Available ang serbisyo sa interpretasyon. Mangyaring huwag mag-atubiling tumawag sa sinumang nagsasalita ng iyong wika – sabihin lang sa amin kung aling wika at ang iyong numero ng telepono.

Pakitingnan ang sumusunod na pahina para sa buong kondisyon ng permit ng SFD para sa mga pansamantalang tent.

Pansamantalang Mga Permit ng SFD para sa Mga Tent at Panlabas na Heater – Impormasyon sa Pagkuha ng Permit at Mga Eksepsiyong Ibinibigay sa Panahon ng Pandemya

MGA KONDISYON NG PERMIT: MGA PERMIT SA PANSAMANTALANG TENT NG SFD

Tandaan: Ang mga kondisyong ito ay para sa mga permit ng pansamantalang tent na ibinigay sa panahon ng mga operasyong pang-emergency ukol sa COVID at sasailalim sa pagbabago sa sandaling hindi na gumagana ang mga operasyong pang-emergency ukol sa COVID.

1. Ang minimum na bilang at lapad ng mga labasan/daanan palabas ay dapat na naaayon sa nakalista sa tsart sa ibaba. Ang maksimum na layo ng paglalakbay patungo sa isang labasan ay dapat na 100 talampakan kapag nasa loob ng tent. ('15 SFC Seksyon 3103.12)

Occupant Load	Minimum na # ng mga labasan	Minimum na lapad ng bawat labasan
10 hanggang 199	2	72
200 hanggang 499	3	72
500 hanggang 999	4	96
1,000 hanggang 1,999	5	120
2,000 hanggang 2,999	6	120
Mahigit 3,000	7	120

2. Dapat lagyan ang bawat labasan ng umiilaw na karatulang 'EXIT' na may mga letrang hindi bababa sa 5 pulgada ang taas. ('15 SFC Seksyon 3103.12.6).
3. Maglaan ng isang fire extinguisher na may minimum na rate na 2A para sa bawat 2,000 kwadrang talampakan ng lugar ng tent. Ang lokasyon ng bawat extinguisher ay dapat na markahan ng mga karatula, na malinaw na nakikita. Ang maksimum na layo ng paglalakbay sa kahit aling fire extinguisher sa loob ng tent ay dapat na 50 talampakan. ('15 SFC Seksyon 3104.12)
4. Dapat na walang karga ang mga tangke ng gasolina at nakatanggal ang mga kable ng baterya ng anumang sasakyang nasa tent. ('15 SFC Seksyon 3104.18)
5. Maglagay ng mga karatulang "NO SMOKING", na makikita sa buong tent/canopy, at ipatupad ang patakarang ito. ('15 SFC Seksyon 3104.6)
6. Ang mga sahig, sa parehong loob at labas, ay dapat na panatilihin ligtas at walang kalat na madaling magliyab. Dapat na tanggalin at ilagak sa aprubadong paraan ang anumang kalat. ('15 SFC Seksyon 3104.21 at 3104.22)
7. Hindi maaaring magkaroon ng mga device o demonstrasyon ng apoy sa tent nang walang paunang pag-apruba ng Fire Prevention Division. ('15 SFC Seksyon 3104.7)
8. Ang mga gilid at ibabaw ng tent ay dapat gawa sa materyales na hindi nasusunog. ('15 SFC Seksyon 3104.2)
9. Anumang hindi inaasahang kalagayan na maaaring magdulot ng panganib na magkasunog, o maaaring mag-ambag sa mabilis na pagkalat ng apoy, o makakaantala o makakagambala sa mabilis na paglabas sa tent, na hindi sakop ng permit na ito, ay dapat agad na pahupain o itama. ('15 SFC Seksyon 105.3)
10. Tanging mga heating device na pinagagana ng kuryente lamang ang pinahihintulutan sa loob ng tent. Lahat ng iba pang heating device (hal. pinagagana ng propane, diesel at kerosene) ay dapat na nasa labas ng tent at mangangailangan ng hiwalay na permit na ibinigay ng Seattle Fire Department. ('15 SFC Seksyon 3104.7, 3104.15, 3104.16, 3104.17, 105.3 at 105.6)
11. Ang mga electric heater at iba pang electric appliance ay ililista at aaprubahan ng UL, FM, o iba pang aprubadong testing agency. ('15 SFC Seksyon 605.7) Ang mga cord ng mga electric heater ay dapat na di-bababa sa 12 gauge (o mas mataas kung inirerekomenda ito ng manufacturer). Ang mga cord ay hindi dapat na "naka-piggyback" o nakakonekta sa isa't isa upang gumawa ng mas mahabang cord.
12. Dapat na may malinaw na marka ang mga wire upang maiwasan itong maging panganib sa pagkapatid ('15 SFC Seksyon 105.3)
13. Upang magkaroon ng bisa, ang permit na ito at ang mga nakalakip ay dapat na ipaskil malapit sa inookupahan/mga aktibidad. ('15 SFC Seksyon 105.3.5)
14. Ang maluluwag na upuan, natitiklop na upuan, o katulad na upuan, na mas marami sa 200, ay dapat pagdikit-dikitin sa mga grupo ng tatlo o higit pa. ('15 SFC Seksyon 1029.14)

Pansamantalang Mga Permit ng SFD para sa Mga Tent at Panlabas na Heater – Impormasyon sa Pagkuha ng Permit at Mga Eksepsyong Ibinibigay sa Panahon ng Pandemya

15. Ang isang dokumentong tutukuyin dito bilang "Letter of Structural Stability (LOSS)" ay dapat maibigay sa panahon ng aplikasyon para sa permit na ito ('15 SFC Seksyon 3103.9)
16. Hindi dapat okupahan ang mga pansamantalang tent sa mga panahong may niyebe o pag-iipon ng yelo maliban kung nakadisenyo para sa buong structural loading alinsunod sa Seattle Building Code. ('15 SFC Seksyon 105.3)

Tandaan: Ang mga kondisyong ito ay para sa mga permit ng pansamantalang tent na ibinigay sa panahon ng mga operasyong pang-emergency ukol sa COVID at sasailalim sa pagbabago sa sandaling hindi na gumagana ang mga operasyong pang-emergency ukol sa COVID.